

● Rehistrasyon ng mga dayuhan

Mga uri ng rehistrasyon

- bagong rehistrasyon (sa loob ng 90 araw mula ng pagdating sa bansa, sa mga bagong panganak na sanggol ay sa loob ng 60 araw)
- pagpapabago/renewal (kumpirmasyon) (sa loob ng 30 araw)
- paglipat ng tirahan (sa loob ng 14 na araw)
- pagpapalit ng pangalan, nasyonalidad, trabaho, opisina, estado ng paninirahan, panahon ng pagtira (sa loob ng 14 na araw)
- pagpapalit ng pangalan ng pangulo ng sambahayan, relasyong sa pamilya, numero ng pasaporte, araw ng pagbigay ng pasaporte, mga bagay ukol sa pamilya at iba pa
- muling pag-isyu (sa loob ng 14 na araw)

Lugar ng rehistrasyon: Citizen's Department (☎079-552-5242)

*** Nagbibigay din ng alien registration certificate ang mga branch o ward offices.**

Saan at kailan dapat isauli ang alien registration card

- kapag umalis sa bansa na walang re-entry permit: sa departure processing counter ng airport o harbor/port
- kapag namatay ang may-ari ng alien registration card (sa loob ng 14 araw): Citizen's Department (☎079-552-5242)
- pagkatanggap ng nasyonalidad na Hapon: pareho sa taas

● Paninirahan

Uri ng rehistrasyon

- pagpapabago ng panahon ng paninirahan (2 buwan bago matapos ang peryodo ng paninirahan)
- pagpapalit ng estado ng paninirahan
- pahintulot ng permanenteng paninirahan
- pahintulot na muling makapasok sa bansa
- pahintulot na makagawa ng aktibidad na hindi sakop sa estado ng paninirahan

Lugar ng rehistrasyon: Osaka Immigration Bureau, Kobe Branch Office (☎078-391-6377)

Oras: Lunes hanggang Biyernes 9:00~12:00, 13:00~16:00

Para sa mga tanong: tawagan ang Foreign Residents General Information Center (☎078-326-5141)

Lunes hanggang Biyernes 9:00~12:00, 13:00~16:00

}	English, Chinese (araw-araw)
	Espanyol (Huwebes)
	Portuguese (Martes)

● Nasyonalidad

naturalisasyon

- aplikasyon/mga tanong: Kobe District Legal Affairs Bureau (☎078-392-1821)

pagpili ng nasyonalidad

- nasyonalidad na dayuhan: sa bawat embahada o consulado (『consultation window』reference)
- nasyonalidad na Hapon: Citizen's Department (☎079-552-5242)

● Panganganak/Kasal/Diborsyo/Pagkamatay

- Ipaalam sa Citizen's Department (☎079-552-5242) at sa embahada o consulado (『consultation window』reference)